# MGA PANGUNAHING TUNTUNIN *sa* PAGKAKAWANGGAWA *at* PAG-ASA SA SARILI









ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

Sining sa pabalat: *Pagdating ng Mabuting Samaritano sa Bahay-tuluyan,* ni Paul Gustave Doré.

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2009 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles 12/08.
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 12/08.
Pagsasalin ng *Basic Principles of Welfare and Self-Reliance*
Tagalog
08288 893

ELDER ROBERT D. HALES
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Isang Pananaw ng Ebanghelyo sa Pagkakawanggawa: Pagkilos ayon sa Pananampalataya



Mga kapatid, nagpapasalamat ako sa pagkakataong magsalita sa inyo tungkol sa pananaw ng ebanghelyo sa mga alituntunin ng priesthood tungkol sa pagkakawanggawa sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo.

Ang mga problema sa ekonomiya na matagal nang nagbabanta sa mundo ay ganap na nating nadarama ngayon. Ang epekto ng problemang ito sa ekonomiya sa mga anak ng ating Ama sa Langit ay nangangailangan ngayon ng pananaw ng ebanghelyo sa pagkakawanggawa nang higit kaysa noon. Ang mga alituntunin ng priesthood sa pagkakawanggawa ay kapwa temporal at espirituwal. Walang hanggan din ang mga ito at angkop sa bawat kalagayan. Mayaman man tayo o mahirap, para sa atin ang mga ito.

Tuwing nagkakawanggawa tayo, ipinamumuhay natin ang "dalisay na relihiyon" tulad ng inilarawan sa banal na kasulatan (Santiago 1:27). Itinuro ng Tagapagligtas, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40). Itinuro din Niya na huwag lang nating hanapin at "dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian" kundi atin ding "pagingatang walang dungis ang [ating] sarili sa sanglibutan" (Santiago 1:27). Sa madaling salita, hindi lamang tayo *gumagawa* ng mabuti; nagsisikap tayong *maging* mabuti.

Ito, kung gayon, ang pananaw ng ebanghelyo sa pagkakawanggawa: kumilos ayon sa ating pananampalataya kay Jesucristo. Pinaglilingkuran natin ang iba ayon sa gabay ng Espiritu. Sa pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa pagkakawanggawa, ipinamumuhay natin ang mga turo ng Tagapagligtas sa buhay na ito.

Ano, kung gayon, ang mga alituntuning ito sa pagkakawanggawa? Paano natin magagamit ang mga ito bilang mga espirituwal at temporal na sandigan sa buhay araw-araw?

## MASINOP NA PAMUMUHAY AT PAG-ASA SA SARILI

Ang unang sandigan ay mailalarawan bilang masinop na pamumuhay. Ibig sabihin masayang pamumuhay ayon sa ating kinikita at paghahanda para sa pabagu-bagong takbo ng buhay nang maging handa tayo pagdating ng mga biglaang pangangailangan at problema sa buhay.

Ang masinop na pamumuhay ay hindi pag-iimbot sa mga bagay ng mundong ito. Ito ay matalinong paggamit ng mga yaman ng lupa at hindi pag-aaksaya, kahit sa panahon ng kasaganaan. Ang masinop na pamumuhay ay pag-iwas sa sobrang pag-utang at pagkakuntento sa kung anumang mayroon tayo.

Nabubuhay tayo sa panahon kung kailan iniisip nating may karapatan tayo sa lahat ng bagay. Maraming naniniwala na dapat mapasakanila ang lahat ng mayroon ang iba—ngayon din. Dahil hindi makapaghintay, nangungutang sila para mabili ang hindi nila kayang bilhin. Ang mga bunga nito ay laging umaapekto kapwa sa temporal at espirituwal nilang kapakanan.

Kapag nangutang tayo, isinusuko natin ang ilan sa ating mahalaga at walang-katumbas na kalayaan at inilalagay natin ang ating sarili sa pagkaalipin. Inuubliga natin ang ating oras, lakas, at kabuhayan na bayaran ang ating hiniram—na magagamit sana natin para tulungan ang ating sarili, ating pamilya, at ang iba.

Dahil binabawasan ng utang ang ating kalayaan, pinanghihina ng nag-iibayong kawalang-pag-asa ang ating katawan, isipan, at espirituwalidad. Apektado nito ang pagtingin natin sa sarili, gayundin ang relasyon natin sa ating asawa't mga anak, mga kaibigan at kapitbahay, at sa huli ay sa Panginoon.

Para mabayaran ngayon ang ating mga utang at maiwasang umutang sa hinaharap kailangan tayong sumampalataya sa Tagapagligtas—hindi lang *gumawa* ng mas mabuti kundi *maging* mas mabuti. Malaking

pananampalataya ang kailangan para masambit ang simpleng mga katagang, "Hindi natin kayang bilhin iyan." Pananampalataya ang kailangan para magtiwalang bubuti ang buhay kapag isinakripisyo natin ang ating mga gusto upang matugunan ang mga pangangailangan natin at ng iba.

Pinatototohanan ko na masaya ang taong namumuhay ayon sa kanyang kinikita at nakapag-iimpok nang kaunti para sa darating na mga pangangailangan. Kapag masinop tayong namumuhay at pinauunlad natin ang ating mga kaloob at talento, mas nakakaasa tayo sa sarili. Ang pag-asa sa sarili ay pag-angkin ng responsibilidad sa sarili nating espirituwal at temporal na kapakanan at sa mga yaong ipinagkatiwala ng Ama sa Langit sa ating pangangalaga. Sa pag-asa sa sarili lang natin tunay na matutularan ang Tagapagligtas sa paglilingkod at pagpapala sa iba.

Mahalagang unawain na ang pag-asa sa sarili ay isang paraan para makamit ang isang mithiin. Ang pinakamimithi natin ay maging katulad ng Tagapagligtas, at ang mithiing iyan ay pinag-iibayo ng ating di-makasariling paglilingkod sa iba. Ang kakayahan nating maglingkod ay nadaragdagan o nababawasan sa antas ng ating pag-asa sa sarili.

Sinabing minsan ni Pangulong Marion G. Romney: "Ang pagkain para sa nagugutom ay hindi magmumula sa paminggalang walang laman. Ang perang pantulong sa nangangailangan ay hindi magmumula sa pitakang walang laman. Ang suporta at pag-unawa ay hindi magmumula sa hungkag na damdamin. Ang pagtuturo ay hindi magmumula sa walang alam. At higit sa lahat, ang espirituwal na patnubay ay hindi magmumula sa mahina sa espirituwal" (sa Conference Report, Okt. 1982, 135; or *Ensign,* Nob. 1982, 93).

## PAGBABAYAD NG MGA IKAPU AT MGA HANDOG

Samakatwid, paano natin matatamo ang tulong ng Ama sa Langit para may sapat tayo para sa sarili nating mga pangangailangan at may sapat din para mapaglingkuran ang iba? Isa sa pinakamahahalagang alituntunin ng pagkakawanggawa ang pagbabayad ng mga ikapu at mga handog.

Ang pangunahing layunin ng ikapu ay palakasin ang ating pananampalataya. Sa pagsunod sa utos na magbayad ng "ikasampung bahagi ng lahat ng [ating kita] taun-taon" (D at T 119:4), nagiging mas mabuti tayo—lumalago ang ating pananampalataya at natitiis natin ang mga pagsubok, paghihirap, at kalungkutan sa buhay.

Sa pagbabayad ng mga ikapu, natututo rin tayong pigilin ang ating mga paghahangad at pagnanasa sa mga bagay ng mundong ito, maging tapat sa mga pakikitungo natin sa ating kapwa, at magsakripisyo para sa iba.

Sa paglago ng ating pananampalataya, lalago rin ang paghahangad nating sundin ang utos na magbayad ng mga handog-ayuno. Ang halaga ng handog na ito ay di bababa sa natipid natin sa di pagkain ng dalawang kainan o ulit habang nag-aayuno. Mga handog-ayuno ang paraang inilaan sa atin para mapagpala ang ating mga kapatid sa kanilang espirituwal at temporal na pangangailangan nang hindi nagpapakilala—pagbibigay na walang inaasahang papuri o pakinabang sa mundo. Sa pagbibigay nang buong puso nasusunod natin ang huwaran ng Tagapagligtas, na buong pusong nagbuwis ng Kanyang buhay para sa buong sangkatauhan. Wika Niya, "Alalahanin sa lahat ng bagay ang mga maralita at ang mga nangangailangan, ang maysakit at ang naghihirap, sapagkat siya na hindi gumagawa ng mga bagay na ito, siya rin ay hindi ko disipulo" (D at T 52:40).

Bilang mga tunay na disipulo ni Cristo, nagbibigay rin tayo tulad ng mabuting Samaritano, na matapang na sinagip sa tabing-daan ang kanyang kapwang hindi niya kilala (tingnan sa Lucas 10:25–37). Sabi ni Joseph Smith, "Ang isang taong puspos ng pag-ibig ng Diyos, ay hindi kuntentong pamilya lamang niya ang mapagpala, kundi ang buong mundo, sabik na mapagpala ang buong sangkatauhan" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith,* 387).

## PAGHAHANDA PARA SA KINABUKASAN

Tulad ng payo ng mga propeta sa mga huling araw, may ilan sa pinakamahahalagang hakbang sa pagkakawanggawa na may kinalaman sa paghahanda para sa kinabukasan.

### Pagbabadyet

Kabilang sa paghahanda para sa kinabukasan ang paggawa ng plano sa paggastos at pag-iimpok ng ating kita. Ang masusing paggawa ng at pagsunod sa badyet ng pamilya o ng sarili ay makakatulong na matukoy at makontrol natin ang kaibhan ng ating mga gusto sa ating mga kailangan. Sa pagrerepaso sa badyet na iyon

sa pulong ng pamilya matututo at masasanay ang ating mga anak sa matalinong paggastos at makakalahok sa pagplano at pag-iimpok para sa kinabukasan.

### Edukasyon

Kabilang din sa paghahanda para sa kinabukasan ang pagtatamo ng edukasyon o vocational training at paghahanap ng trabaho. Kung may trabaho kayo ngayon, gawin ang lahat ng kaya ninyo para maging mahalagang bahagi kayo ng kumpanyang inyong pinagtatrabahuhan. Magpakasipag at maging "manggagawa . . . karapat-dapat sa [inyong] upa" (Lucas 10:7; tingnan din sa D at T 31:5; 70:12; 84:79; 106:3).

Sa patuloy na pagtitipid o pagsasara ng mga kumpanya, mga ulirang empleyado man ay maaaring kailanganing maghanap ng bagong trabaho. Pagkakataon ito para umasa sa Panginoon, umunlad, at mapalakas. Kung naghahanap kayo ng bagong trabaho, dagdagan ang inyong pananampalataya sa hangarin at kapangyarihan ng Panginoon na pagpalain kayo. Hingan din ng payo ang mga pinagkakatiwalaan ninyo, at huwag matakot na magtanong sa mga kakilala ninyo at magpatulong sa paghahanap ng bagong trabaho. Kung kailangan, baguhin ang klase ng inyong pamumuhay—at marahil ay lumipat ng tirahan—para makapamuhay kayo ayon sa inyong kinikita. Kusang maghangad ng karagdagang training at matuto ng mga bagong kasanayan, anuman ang inyong edad. Manatiling malusog at malapit sa inyong asawa't mga anak. At, higit sa lahat, magpasalamat. Magpasalamat sa panalangin para sa lahat ng ibinigay sa inyo. Mahal kayo ng Ama sa Langit. Nangako ang Kanyang Anak, "Lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa [inyo] ng karanasan, at para sa [inyong] ikabubuti" (D at T 122:7).

### Espirituwal na Paghahanda

Mga kapatid, ngayon ang panahon para ilatag ang mga sandigan ng pagkakawanggawa sa ating buhay at turuan ang ating mga kapatid na gayon din ang gawin. Itinuro sa atin ng mga banal na kasulatan, "Kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot" (D at T 38:30). Sa pagsunod sa mga utos at alituntuning pangkawanggawa, mapapasaatin tuwina ang Espiritu ng Panginoon—para matiis natin ang mga problema sa mga huling araw na ito at mapayapa ang ating kaluluwa.

Tulad ng pag-iimpok natin ng ating temporal na kabuhayan para sa oras ng kahirapan, pagsunod sa mga utos, pagdarasal, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at pag-asa sa Espiritu Santo ang naghahanda sa atin para sa mahihirap na pagsubok sa buhay. Sa ating pagsunod, nag-iimbak tayo ng pananampalatayang kailangan natin para harapin ang mga hirap at hamon ng buhay. Sa pananatiling walang bahid-dungis sa mundo—pagiging "mabuti" sa ganitong paraan—nakakagawa tayo ng kabutihan sa ating mga kapatid sa buong mundo, kapwa sa temporal at sa espirituwal.

Bilang pagwawakas, maaari ba akong magbahagi ng isang halimbawa kung paano natin ito ginagawa sa pagkakawanggawa?

Bawat taon nag-aambag ang mga miyembro ng Simbahan sa paghukay ng mga balon kung saan walang ibang mapagkunan ng tubig na maiinom. Isipin ang pakinabang ng isa sa mga balong ito, na hinukay sa isang liblib na nayon. Kahit ituring ng ilan na temporal na pagpapala lamang ito, ano ang mga espirituwal na pagpapala sa isang inang dati-rati'y ilang oras naglalakad para makakuha ng tubig at ilang oras din para maibalik ito sa kanyang mga anak? Bago hinukay ang balon, may oras ba siya para magturo ng ebanghelyo sa kanyang mga anak, manalangin kasama sila, at pangalagaan sila sa pag-ibig ng Panginoon? May oras ba siya para pag-aralan mismo ang mga banal na kasulatan, pagbulayan ito, at tumanggap ng lakas para matiis ang mga hamon sa kanyang buhay? Sa pagkilos ayon sa kanilang pananampalataya, tumulong ang mga miyembro ng Simbahan na mapawi ang temporal na pagkauhaw ng kanyang pamilya at maglaan din ng paraan para malaya silang makainom ng tubig na buhay at hindi na muling mauhaw. Sa pagiging tapat sa pagsunod sa mga alituntuning pangkawanggawa, nakatulong sila sa paghukay "ng isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan" (Juan 4:14).

Pinatototohanan ko na pagsunod sa mga alituntunin ng priesthood tungkol sa pangkakawanggawa ang panukat ng ating pagmamahal bilang Kristiyano. Sagradong pagkakataon nating ipamuhay ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Cristo sa lupa—na kumilos tayo ayon sa ating pananampalataya at tumanggap ng kaganapan ng Kanyang kagalakan sa buhay na ito at sa mundong darating.

Ibinabahagi ko ang aking espesyal na patotoo na ang ating Tagapagligtas ay buhay at ibinuwis Niya ang Kanyang buhay para sa ating walang hanggang kapakanan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.

JULIE B. BECK
Relief Society General President

# Ang mga Tungkuling Pangkawanggawa ng Relief Society President



## LAYUNIN NG RELIEF SOCIETY

Mahal kong mga kapatid, pribilehiyo kong magsalita sa inyo tungkol sa tungkulin ng ward Relief Society president tungkol sa pagkakawanggawa. Nasa likuran ko ang mga larawan ng kababaihang naglingkod na bilang mga general president ng Relief Society. Habang pinag-aaralan ko ang kasaysayan nila, naalala ko na naisagawa ng organisasyon ang gawain nito sa mga panahon ng pag-unlad at kasaganaan, gayundin sa panahon ng digmaan, taggutom, epidemya, at kahirapan. Ang mga natutuhan natin sa nakaraan ay makakatulong sa pamumuhay natin sa ating panahon habang dumaranas tayo ng mga kalamidad, digmaan, kaguluhan sa gobyerno, mga personal na pagsubok, at problema sa ekonomiya. Layon ng Relief Society na maglaan ng *ginhawa,* na ibig sabihi'y magpasigla, magpagaan, ibangon ang isang nagigipit o may problema.[1] Noon pa man ay tungkulin na nating tulungan ang mga kababaihan at kanilang mga pamilya sa habambuhay nilang mga tungkuling pag-ibayuhin ang pananampalataya at personal na kabutihan, patatagin ang mga pamilya at tahanan, at maglingkod sa Panginoon at sa Kanyang mga anak. Ngayo'y magtutuon tayo sa bahaging iyon ng ating gawain tungkol sa pagkakawanggawa habang tinatalakay natin ang paggawa sa ilalim ng pamamahala ng bishop na iorganisa, turuan, at pasiglahin ang mga miyembrong babae na alagaan ang mga maralita at nangangailangan at tulungan silang umasa sa sarili.

## PAG-AALAGA SA MGA MARALITA AT NANGANGAILANGAN

Ang Relief Society, na may tungkuling "pangalagaan ang espirituwal na kapakanan at kaligtasan . . . ng lahat ng babaeng miyembro ng Simbahan,"[2] ay itinatag upang maglaan ng "ginhawa sa maralita, nagdarahop, balo at ulila, at isagawa ang lahat ng layuning pangkawanggawa."[3] Kabilang dito ang "pag-ahon sa kahirapan, karamdaman, pag-aalinlangan, kawalan ng kaalaman—lahat ng humahadlang sa kagalakan at pag-unlad ng babae."[4]

Narinig ko nang magpasalamat nang labis si Pangulong Monson sa mga Relief Society president na naglingkod kasabay niya noong bata pa siyang bishop. Sinundan nila ng kanyang mga Relief Society president ang huwaran din natin ngayon. Sa kanyang pamamahala, nagpunta ang Relief Society president sa tahanan ng mga miyembro para tuklasin kung may sapat na pagkain, kagamitan, kasanayan, tibay ng damdamin, o iba pang pangangailangan. Sa tulong ng panalangin at mga espirituwal na kaloob na taglay nila, humingi ng inspirasyon ang kanyang mga Relief Society president para suriin nang wasto ang mga pangangailangan sa mga tahanang yaon. Gamit ang kanilang pagsusuri, nakagawa siya ng plano sa pag-asa sa sarili para sa kanyang mga sakop.

## PAG-ASA SA SARILI AT MASINOP NA PAMUMUHAY

Kasabay ng tungkuling tulungan ang bishop na kalingain ang mga nangangailangan, nangunguna ang Relief Society sa pagbubuo, pagtuturo, at pagbibigay-inspirasyon sa mga kababaihan sa Relief Society na makaasa sa sarili. Para maunawaan ang kanilang mga tungkulin, maitatanong ng mga lider ang ilang mahahalagang bagay:

1. Ano ang pag-asa sa sarili?
2. Ano ang mga personal na tungkulin ng bawat babae tungkol sa pag-asa sa sarili?
3. Gaano umaasa sa sarili ang mga kababaihan sa aking ward?
4. Anong mga kasanayan sa pag-asa sa sarili ang dapat taglayin ng mga kababaihan sa aking ward?
5. Paano tayo magtutulungan para higit tayong makaasa sa sarili?

"Ang pag-asa sa sarili ay paggamit sa lahat ng pagpapalang bigay sa atin ng Ama sa Langit para itaguyod ang ating sarili at ating mga pamilya at

lutasin ang sarili nating mga problema."[5] Bawat isa sa atin ay may tungkulin na sikaping iwasan ang mga problema bago pa mangyari ang mga ito at pag-aralang daigin ang mga hamon pagsapit nito.



*Babaeng May Imbak na Pagkain*, ni Judith A. Mehr

Sa painting na ito, na nakasabit sa opisina ko, may isang babae sa loob ng imbakan. Ang natututuhan natin sa painting na ito ay hindi tungkol sa mga imbakan at pagdede-lata. Tingnan ninyo ang babae. Nakatayo siyang mag-isa, at hindi natin alam kung may-asawa siya o wala. May suot siyang apron, na nagpapahiwatig na nagtatrabaho siya. Ang trabaho ay saligang alituntunin ng pag-asa sa sarili. Masasabi natin na lahat ng nasa paligid niya ay bunga ng sarili niyang mga pagsisikap. Nakapaghanda siya para sa kanyang sarili. Tingnan ninyo ang mukha niya. Mukhang medyo pagod siya, pero napakapayapa. Nasa mga mata niya ang kapayapaan sa kanyang kaluluwa. Makikita sa kanya ang isang babaeng umaasa sa sarili.

Paano tayo makakaasa sa sarili? Nakakaasa tayo sa sarili sa pagtatamo ng sapat na kaalaman, edukasyon, at karunungan; sa matalinong pamamahala sa pananalapi at kabuhayan, espirituwal na katatagan, kahandaan sa mga biglaang pangangailangan at kagipitan; at pagkakaroon ng kalusugan at sosyal at emosyal na katatagan.

Kaya anong mga kasanayan ang kailangan natin para makaasa tayo sa sarili? Mahalaga para sa lola ko na malaman kung paano patayin at alisan ng balahibo ang manok. Hindi ko pa kinailangang pumatay at mag-alis ng balahibo ng manok. Gayunman, kahit nagsisimula pa lamang ang Simbahan, pinakiusapan ni Brigham Young ang mga kababaihan na matutong iwasang may magkasakit sa mga pamilya, magtatag ng mga industriyang pantahanan, at magkuwenta at magtala ng gastusin at iba pang praktikal na mga kasanayan.[6] Angkop pa rin ang mga tuntuning iyon ngayon. Napakahalaga pa rin ng edukasyon. Bawat isa sa atin ay isang guro at mag-aaral, at ang karunungan, kasanayang teknikal, at kasanayang mangatwiran ay kailangan araw-araw. Malaki rin ang pangangailangan ng mga mag-asawa at pamilya sa mas magandang komunikasyon at mas mahalaga ngayon ang pagiging mabuting magulang. Naragdagan din ang pangungutang at pamimili sa mundo.

Tinanong ko ang ilang bishop kung anong mga kasanayan sa pag-asa sa sarili ang kailangang-kailangan ng mga kababaihan sa kanilang ward, at sabi nila'y pagbabadyet. Dapat unawain ng mga kababaihan ang mga kahihinatnan ng pamimili gamit ang credit card at hindi pamumuhay ayon sa badyet. Ang ikalawa sa listahan ng mga bishop ay pagluluto. Ang mga pagkaing niluto at kinain sa bahay ay mas mura, mas masustansya, at nagpapatatag sa mga relasyon ng pamilya.

Nakakita na ako ng magagandang halimbawa ng mga kababaihan sa buong mundo na nagtutulungan para makaasa sa sarili. Sa Estados Unidos, nagtitipon ang mga kababaihan para matutong badyetin ang kanilang pera para mag-ingat sila sa pagbili at mabawasan ang utang. Tinuturuan ng nakatatandang mga kababaihan ang mga nakababata kung paano magluto at maghanda ng masasarap na pagkain sa bahay. Sa Ghana, sama-samang nag-aaral magbasa ang mga kababaihan. Sa Peru, nagpapakete ng bigas at beans ang mga kababaihan para hindi sila magutom kapag may mga lindol. Sa Pilipinas, kung saan regular ang bagyo, nagtatabi ng mga gamit at pagkain ang mga kababaihan para magamit kapag kailangan nilang lumikas sa kanilang tahanan.



*Ang Panalangin ng Pamilya*, ni Abelardo Loria Lovendino, sa kagandahang-loob ng Church History Museum

Ang pangalawang painting na nakasabit sa opisina ko ay nagpapakita kung paano maiaangkop ang tuntuning ito kahit saan. Nakikita natin dito ang isang pamilyang Pilipino sa kanilang bahay-kubo, na nakatayo sa mga tayakad [stilt] na nakatusok sa lupa. Nakikita natin sa harapan ang kanilang malaking banga ng tubig. May basket sila ng mga mangga, kaunting panggatong, at simpleng pinagkukunan ng liwanag para makakita. Nakaupo sila sa hapag-kainan at nakatungo sa panalangin. Nakasabit sa dingding ang mga salitang tahi-sa-kamay na, "Ang mga Pamilya

ay Walang Hanggan." Wari ko'y maraming natutuhang mga tuntunin at kasanayan sa pag-asa sa sarili ang ina ng pamilyang ito na ipinakita rito sa mga miting at aktibidad ng Relief Society.

Gaano umaasa sa sarili ang mga kababaihan sa inyong ward? Paano ninyo mahihiwatigan ang kanilang mga pangangailangan? At sino ang dapat tumulong sa Relief Society president sa pagsisikap na ito? Dahil ito ay banal na gawain at dahil banal ang tungkulin ng Relief Society president, may karapatan siya sa banal na tulong. Tinutulungan din siya ng mababait na visiting teacher na nauunawaan ang tungkulin nilang bantayan at pangalagaan ang mga kababaihang iyon. Sa mga ulat na natatanggap niya mula sa kanila at sa iba pang mga kababaihan, nalalaman niya ang kanilang mga pangangailangan. Magagamit din niya ang tulong ng mga komite at nakababatang mga kababaihan, na masisigla at handang maglingkod.



*Komadrona: Ang Inyong Landas ang Kanyang Piniling Daan,* ni Crystal Haueter, sa kagandahang-loob ng Church History Museum

Ang pangatlong painting na ito na nakasabit sa opisina ko ay nagpapakita ng isang komadronang pioneer. Ipinaaalala nito sa akin na ang isang miyembrong babae, na may isang kasanayan, ay maaaring maging pagpapala sa marami. Isang halimbawa nito ang aking kalola-lolahan na si Mary Ann Hamblin, na isang komadrona. Tumulong siyang mailuwal ang 2,000 sanggol sa mundong ito. Mahalaga ang kontribusyon niya sa kamalig ng panahon at mga talento ng Panginoon.

## PAGGANAP SA ATING MGA TUNGKULIN

Ang paglalaan sa ating sarili at sa iba ay katibayan na tayo ay mga disipulo ng Panginoong Jesucristo. Gaya ng marami sa inyo, nagkaroon ako ng inspirasyon at nagturo ng mga tuntunin ng pag-asa sa sarili sa pamamagitan ng halimbawa ng aking ina at iba pang mga kababaihan sa Relief Society. Gayon ang mabait kong biyenang babae, si June, na tuluy-tuloy na naglingkod nang halos 30 taon sa mga Relief Society presidency. Nang bigla siyang pumanaw noong isang taon, nag-iwan siya ng katibayan ng pag-asa niya sa sarili. Mayroon siyang current temple recommend at gamit-na-gamit na mga banal na kasulatan at mga manwal sa pag-aaral ng ebanghelyo. Mapagmahal naming pinaghatian ang mga kaldero, kawali, at pinggan na ginamit niya sa napakaraming pagkakataong naghanda siya ng pagkain. Iniwanan niya kami ng mga quilt na nagawa niya mula sa mga lumang damit. Naniwala siya sa lumang sawikaing "Gamitin mo ito, hanggang sa masira, pagtiisan mo ito, o magtiis ka sa wala." Nakita namin ang suplay ng pagkaing kanyang itinanim, ipinreserba, at itinago. Lubhang nakaaantig ang kanyang mga munting kuwaderno ng mga kuwenta kung saan tapat niyang itinala ang mga gastusin sa loob ng maraming taon. Dahil masinop siyang namuhay, nag-iwan siya ng kaunting perang inipon niya para sa mga biglaang pangangailangan, at walang iniwang utang! Ang pinakamahalaga, marami pa siyang ibang naturuan at nabigyang-inspirasyon sa mga kasanayang natamo niya sa tapat na pamumuhay.

Bilang mga lider, nagpapamalas tayo ng pananampalataya kapag ginamit natin ang ating oras, mga talento, miting, at aktibidad para unahing gawin ang mga bagay na mahalaga sa temporal at espirituwal na kapakanan at kaligtasan. Sa paggawa natin nito, lalaganap ang pagmamahalan, pagkakaisa, galak, kapatiran, at mga pagpapala. Pinatototohanan ko na ang gawain ng Relief Society ay mahalagang bahagi ng ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon at ang Kanyang gawain ay pinamamahalaan ng isang buhay na propeta ngayon. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.

### *Mga Tala*


1. Tingnan sa *Online Etymology Dictionary,* "relief" at "relieve," www.etymonline.com.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (kurso ng pag-aaral sa Melchizedek Priesthood Relief Society, 1999), 223.
3. *History of the Church,* 4:567.
4. John A. Widtsoe, *Evidences and Reconciliations,* isinaayos ni G. Homer Durham (1987), 308.
5. *Instructional Resources for Welfare Trainers,* Lesson 2: Self-Reliance, 3; makukuha ang PDF file online sa providentliving.org.
6. Tingnan sa Eliza R. Snow, "Female Relief Society," *Deseret News,* Abr. 22, 1868, 1; Brigham Young, *Deseret News,* Hulyo 28, 1869, 5.

BISHOP H. DAVID BURTON
Presiding Bishop

# Ang mga Tungkuling Pangkawanggawa ng Bishop



## PAGHANAP AT PAGKALINGA SA NANGANGAILANGAN

Hello, ako si Bishop David Burton, at pribilehiyo kong makasama ngayon ang anim na kahanga-hangang bishop mula sa Centerville Utah North Stake. Narito kami sa Welfare Square sa Salt Lake City. Salamat sa pakikilahok sa amin sa pagtalakay sa mga tungkulin ng mga bishop sa paghanap at pagkalinga sa mga yaong maaaring hindi makaasa sa sarili.

Sa ating pagsisimula, naalala ko ang dalawang pahayag ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. Si Pangulong Clark ay naglingkod nang maraming taon sa Unang Panguluhan ng Simbahan at naging kasangkapan sa pagkakaroon ng tinawag noon na Church Security Plan at ngayo'y tinaguriang Church welfare plan.

Sa isang okasyon, tinawagan ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. ang isang bishop para sabihin dito na lumipat ang isang nag-iisang inang may tatlong maliliit na anak sa ward niya sa mismong araw na iyon. Pinakiusapan ni Pangulong Clark ang bishop na puntahan kaagad ito sa bago nitong tirahan at gawin ang lahat para matulungan ito.

Sabi ni Pangulong Clark sa bishop, "Kung puwede lang, tutulungan ko ang miyembrong ito, pero Unang Tagapayo lang ako sa Pangulo ng Simbahan at walang karapatang sumulat ng order ng bishop sa kamalig. Nasa iyo ang karapatang iyan," wika niya, "at ang pribilehiyo, kaya kita tinawagan, at pinakiusapang gawin ang inaakala mong nararapat sa kalagayan niya."

Sa isa pang okasyon, sinabi ni Pangulong Clark, sa kanyang makapangyarihang mensahe:

"Ayon sa salita ng Panginoon ang tanging utos at tanging awtoridad na kalingain ang mga maralita sa Simbahan ay nakalagak [sa] mga bishop. . . . Tungkulin niya, at kanya lamang, na magpasiya kung kanino magbibigay, at kailan, paano, at magkano ang ibibigay sa kaninumang miyembro ng kanyang ward mula sa pondo ng Simbahan. . . .

"Ito ang kanyang dakila at taimtim na obligasyong iniutos ng Panginoon Mismo. Hindi matatakasan ng bishop ang kanyang tungkulin; hindi niya ito maiiwasan; hindi niya ito maipapasa sa iba, para makalaya siya. Anumang tulong ang hingin niya, siya pa rin ang responsable" (sinipi sa Thomas S. Monson, sa Conference Report, Okt. 1980, 132; o *Ensign,* Nob. 1980, 90).

Ano ang mga tungkuling pangkawanggawa ng bishop? Hindi ito kukulangin sa tatlo! Kabilang dito ang:

1. Pagtuturo sa mga miyembro ng mga pangunahing tuntunin ng pag-asa sa sarili at paghihikayat sa kanila na umasa sa sarili. Ang dalawang buklet na inilathala kamakailan, *Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Kabuhayan* at *Ihanda ang Bawat kinakailangang Bagay: Pag-iimbak ng Pagkain ng Pamilya sa Tahanan* ay napakalaking tulong para maunawaan ng mga miyembro ang kahagalahan ng pag-asa sa sarili.
2. Pagtulong sa mga miyembro ng ward council na malaman at magampanan ang kanilang mga tungkulin.
3. Pagbibigay ng tulong alinsunod sa mga pangunahing alituntuning pangkawanggawa.

Ang kalalathalang buklet na pinamagatang *Ihanda ang Bawat kinakailangang Bagay: Pag-iimbak ng Pagkain ng Pamilya sa Tahanan* ay magpapaalala sa inyo ng pangunahing adhikain ng pagkakawanggawa, pag-asa sa sarili, at mga suportang alituntunin.

## ANG KAMALIG NG PANGINOON

Inihayag ng Panginoon na ang mga miyembro ng Simbahan ay dapat na "nagbabahagi ng [kanilang] ari-arian sa mga maralita, . . . at ang mga yaon ay ibibigay sa harapan ng obispo . . . [at] itatago sa aking kamalig, para sa pagtulong sa mga maralita at nangangailangan" (D at T 42:31–32, 34).

Bawat bishop ay may iba't ibang "kasangkapan" sa kanyang harapan para tulungan ang mga maralita. Tinatawag nating kamalig ng Panginoon ang koleksyon ng mga kasangkapang ito.

Kabilang sa kamalig ang:

1. Perang iniambag sa pamumuhay at pagtanggap ng mga miyembro ng mga pagpapala ng paglahok sa ayuno.
2. Mga kalakal na gawa sa Simbahan o binili para magamit ng mga bishop.
3. Ang panahon, mga talento, at kabuhayan ng mga miyembro.

Ang mga talentong ito, kung makakatulong at kailangan, pati na ang pera at mga kalakal, ang bumubuo sa kamalig ng Panginoon. Ang kamalig ng Panginoon ay para sa bawat bishop at mayroon nito sa bawat ward. Taliwas sa karaniwang alam ng marami, ang kamalig ng Panginoon ay hindi limitado sa isang gusali o bodegang puno ng mga kalakal na naghihintay na maipamahagi.

## MGA PANGUNAHING TUNTUNIN

Sa pagtupad ng mga bishop sa banal na utos na hanapin at kalingain nila ang mga maralita sa paraan ng Panginoon, madalas nilang kakailanganing gumawa ng mahihirap na desisyon. Ang mga bishop ay pinagpala at may karapatan sa kaloob na makahiwatig sa pagharap sa gawaing ito. Bawat sitwasyong kinakaharap ninyo ay kailangan ng inspirasyon. Sa paggabay ng Espiritu, habang tinatandaan ang mga pangunahing alituntuning pangkawanggawa, pinakamainam na matutukoy ng mga bishop ang nangangailangan, gaano at anong klaseng tulong ang kailangan, at gaano katagal ito kakailanganin.

Maitatanong ninyo, ano ang ilan sa mga pangunahin at subok-ng-panahong mga alituntuning pangkawanggawa ang tutulong sa mga bishop na maging epektibo ang kanilang mga desisyon?

**1. Hanapin ang mga maralita.**

Dapat tandaan ng mga bishop na tungkulin nilang hanapin ang mga maralita. Hindi sapat ang tumulong kapag nahingan lamang ng tulong. Dapat hikayatin ng bishop ang mga lider ng priesthood at Relief Society, kasama ang mga home teacher at visiting teacher, na tumulong sa pagtukoy sa mga miyembrong nangangailangan ng tulong.

**2. Itaguyod ang personal na responsibilidad.**

Tungkulin ng mga bishop na tandaan, kapag tumulong sila sa mga tao, na itaguyod nila ang personal na responsibilidad. Ang mga tao ay responsable para sa kanilang sarili. Kapag hindi kaya ng mga tao na tustusan ang kanilang sarili, obligasyon at oportunidad ng kanilang pamilya, pati na ng mga kamag-anak, na tumulong.

**3. Suportahan ang buhay hindi ang klase ng pamumuhay.**

Ginagamit natin ang maikling pariralang, "suportahan ang buhay ngunit hindi ang klase ng pamumuhay." Sa pagsuporta natin sa buhay, layon ng tulong ng Simbahan na magbigay ng pagkain, pananamit, at angkop na tirahan gayundin ng iba pang tulong, ayon sa pasiya ng bishop, na kailangan para matulungan ang tao na makaasa sa sarili. Inaasahang gagamitin ng mga tao ang anumang pag-aari nila para suportahan ang kanilang sarili at sa maayos na paraan ay magtipid para mapagkasya ang kanilang badyet.

**4. Magbigay ng mga kailangang bagay bago pera.**

Ang isa pang pangunahing tuntuning karaniwan nating ginagamit ay magbigay ng mga kailangang bagay bago tayo magbigay ng pera. Kapag maaari, ibinibigay ng bishop ang mga bagay na kailangan ng mga miyembro sa halip na bigyan sila ng pera o bayaran ang kanilang mga bayarin. Kapag walang mga bishops' storehouse, ang mga handog-ayuno ay maaaring gamitin sa pagbili ng mga bagay na kailangan.

**5. Maglaan ng mga pagkakataong makapagtrabaho at makapaglingkod.**

Isa sa pinakamahalagang pangunahing tuntunin ay ang maglaan ng mga pagkakataong makapagtrabaho at makapaglingkod. Para manatili ang dangal ng mga tao sa personal na kagipitan, dapat makakita ng mga pagkakataong maglingkod at magtrabaho ang mga tinutulungan na akma sa kanilang sitwasyon. Ang halaga ng trabaho o paglilingkod ay hindi kailangang maging katumbas ng tulong na natanggap kundi sapat lang para maiwasan ang mga kasamaang dulot ng libreng tulong at paniniwala ng mga tao na karapatan nilang matanggap iyon. Makakatulong ang ward council sa pagtitipon at paglilista ng mga makabuluhang trabaho.

## MGA TANONG NG MGA BISHOP

Sa maikling paglalahad na ito, talakayin natin ang ilang isyung gusto ninyong pag-usapan kaugnay ng mahalagang tungkulin ninyong pangalagaan at hanapin ang mga maralita.

*Tanong:* Dahil alam nating tayo, bilang mga bishop, ay may natatanging mga tungkulin sa pagkakawanggawa, may iba pa ba tayong mahihingan ng tulong sa tungkuling iyon?

*Sagot:* May oportunidad ang bishop na magpatulong sa iba sa tungkuling ito. Lalo na, ang mga miyembro ng ward council, mga korum ng priesthood, at Relief Society ay makakatulong na lahat sa bishop na matugunan ang mga pansamantala at pangmatagalang pangangailangang pangkawanggawa ng mga miyembro. Ang mga lider na ito ay tinutulungan ng mga home teacher, visiting teacher, at iba pa na may natatanging mga kasanayan.

*Tanong:* Patungkol sa pagkakawanggawa, paano ko higit na magagamit, bilang bishop, ang mga lider ko sa Relief Society at korum?

*Sagot:* Malaking tulong ang mga lider sa Relief Society at korum sa buong prosesong ito, at dapat ay pagkakawanggawa ang pinakamahalaga sa tungkuling ginagampanan ng mga korum ng priesthood at maging ng Relief Society. Dapat itong talakayin nang regular sa mga miting ng panguluhan. Sa pamamahala ng bishop, dapat tulungan ng mga korum ng priesthood at Relief Society ang mga miyembro na makahanap ng mga solusyon kapwa sa mga pansamantala at sa pangmatagalang pangangailangan sa kawanggawa at makaasa sa sarili.

May espesyal na tungkulin ang Relief Society president sa prosesong ito. Karaniwan, tinutulungan niya ang bishop sa pagbisita sa mga miyembrong nangangailangan ng kawanggawa. Tinutulungan niya silang alamin ang kanilang mga pangangailangan at nagmumungkahi sa bishop kung anong tulong ang maibibigay. Magagamit ng bishop at ng Relief Society president ang Needs and Resources Analysis form para matulungan silang matukoy ang mga pangangailangang iyon.

*Tanong:* Bishop Burton, paano ninyo imumungkahing ituro namin ang batas ng ayuno para higit na makaunawa ang ating mga miyembro?

*Sagot:* Ang batas ng ayuno ay mahalaga sa espirituwal na kapakanan ng mga anak ng atingAma sa Langit. Itinatag na Niya ang batas ng ayuno, at maging ang batas ng ikapu, para pagpalain ang Kanyang mga tao. Dapat ituro ng bishop sa lahat ng miyembro ang kahalagahan ng pagsunod sa mga batas na ito. Dapat din siyang magturo tungkol sa mga pagpapala ng pagsunod sa mga batas na ito na ipinangako ng Panginoon. Kabilang sa mga pagpapalang ito ang pagiging malapit sa Panginoon, ibayong espirituwal na lakas, temporal na kapakanan, higit na pagkahabag, at mas matinding hangaring maglingkod.

Sa ilang lugar sa mundo, may mga bishops' storehouse na magbibigay ng mga pagkain at pananamit. Kapag walang bishops' storehouse, ginagamit ang mga handog-ayuno para makapagbigay ng pagkain at pananamit. Ginagamit din ang mga ito na pambayad sa bahay, pampagamot, at iba pang tulong na nagliligtas ng buhay.

Gayunman, hindi kailangang bumalanse ang gastusin mula sa handog-ayuno sa ward at stake sa mga kontribusyon sa handog-ayuno.

*Tanong:* Sa kalagayan ngayon ng ekonomiya sa bansa, nakikita natin ang pagdami ng mga pamilya at miyembrong nahihirapang magbayad ng kanilang isinangla. Tutulutan ba tayong gamitin ang pondo para tulungan silang magbayad ng kanilang isinangla?

*Sagot:* Walang dudang natatandaan ninyo, ang pagkakawanggawa ay karaniwang nilayong maging pansamantala. Dapat tulungan ng mga bishop, kasama ng mga lider ng korum at ng Relief Society, at iba pang mga specialist kung kailangan, ang mga tumatanggap ng tulong na magplano para makaasa sa sarili upang hindi na sila mangailangan ng kawanggawa.

Kung maisasagawa na nila ang kanilang planong makaasa sa sarili kapag binayaran nila ang isinangla sa maikling panahon, kanais-nais at tutulutan na mabayaran ang isinangla.

*Tanong:* Angkop bang gamitin din ng isang tao ang kawanggawa ng Simbahan kung tumanggap na siya ng kawanggawa mula sa pamahalaan?

*Tugon:* Maaaring piliin ng mga miyembro na gamitin ang mga mapagkukunan sa komunidad, kabilang na ang mga mapagkukunan ng pamahalaan, para matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan. Dapat maging pamilyar ang bishop sa mga mapagkukunang ito. Ang mga mapagkukunang madalas gamitin ay:

- Mga ospital, doktor, o iba pang mga pagmumulan ng tulong medikal.
- Job training at placement service, kung saan mayroon sa komunidad.
- Tulong para sa mga taong may kapansanan.
- Mga propesyonal na tagapayo o social worker. Halos lahat ng komunidad ay may mga tagapayo o social worker na kapareho natin ang mga pinahahalagahan.
- Ang mga makagagamot sa adiksyon, na mas madali nang makuha ngayon kaysa rati.

Kapag tumatanggap ng tulong ang mga miyembro ng Simbahan mula sa labas ng Simbahan, maaari ding magbigay ng tulong ng Simbahan ang bishop at dapat niyang tulungan ang mga miyembro na iwasang umasa sa anumang paraan sa mga kawanggawang ito. Kung maaari, dapat pagtrabahuhan ng mga miyembro ang tulong na natanggap nila. Kailangan nating iwasan ang mga kasamaang dulot ng libreng tulong at ang damdaming may karapatan tayo rito.

Mga kapatid, nagkaroon na tayo ng oportunidad sa loob ng ilang sandali na talakayin ang mga sagradong alituntunin sa pagtulong at pag-alalay sa mga nangangailangan. Nawa'y pagpalain ng Panginoon ang bawat isa sa inyo sa pagganap ninyo sa inyong tungkuling tumulong sa mga anak ng ating Ama sa Langit at magpakita ng kakayahang magmahal at mahabag na nagmumula sa paglilingkod. Mapakumbaba kong idinadalangin na mapasainyo ang mga pagpapala ng Panginoon, at ginagawa ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen.

PANGULONG THOMAS S. MONSON
Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

# Ang Pamamaraan ng Panginoon



Mga kapatid, labis akong nagpapasalamat na magkaroon ng pagkakataong magsalita sa inyo tungkol sa isang paksang gustung-gusto ko—ang programang pangkawanggawa ng Simbahan.

## PAGLILINGKOD SA MGA PROYEKTONG PANGKAWANGGAWA

Sa lugar na di madalas puntahan ng mga tao sa Salt Lake City, malayo sa kaguluhan, may isang kilalang square. Dito, sa tahimik na paraan, dahil sa pag-ibig na katulad ni Cristo, naglilingkod sa isa't isa ang mga manggagawa ayon sa banal na plano ng Panginoon. Welfare Square ang tinutukoy ko, na kung minsan ay kilalang bishops' storehouse. Sa lugar na ito sa gitna at sa napakaraming iba pang lugar sa buong mundo, idinede-lata ang mga prutas at gulay, at pinoproseso, tinatatakan, iniimbak, at ipinamamahagi ang mga kalakal sa mga taong nangangailangan. Walang palatandaan ng tulong ng gobyerno ni ng palitan ng pera dito, dahil tanging nilagdaang order lang ng isang inordenang bishop ang kinikilala.

Nagkaroon ako ng pribilehiyo mula 1950 hanggang 1955 na mangulo bilang bishop sa 1,080 miyembro na nasa gitnang bahagi ng Salt Lake City. Sa kongregasyon ay may 84 na balo at marahil ay 40 pamilyang ipinasiyang nangangailangan ng kawanggawa sa iba't ibang panahon at kahit paano.

Binigyan ng mga partikular na atas ang mga yunit ng Simbahan, para maibigay ang mga kailangan ng mga nangangailangan. Sa isang yunit ng Simbahan magbibigay ng karne ang mga miyembro, sa isa pa ay mga kahel, sa isa naman ay mga gulay o trigo—maging iba't ibang mga pangunahing pagkain, para mapuno ang mga kamalig at mabigyan ang matatanda at nangangailangan. Naglaan ng paraan ang Panginoon nang ipahayag Niyang, "At ang kamalig ay pananatilihin sa pamamagitan ng mga paglalaan ng simbahan; at ang mga balo at ulila ay paglalaanan, gayon din ang mga maralita" (D at T 83:6). Sumunod ang paalalang, "Subalit ito ay talagang kinakailangang magawa sa aking sariling pamamaraan" (D at T 104:16).

Malapit sa tinitirhan at pinaglilingkuran ko, nagpatakbo kami ng manukan. Kadalasan ay mahusay ang patakbo sa proyekto sa pagsusuplay sa kamalig ng libu-libong dosenang sariwang itlog at daan-daang librang nilinisang manok. Gayunman, sa ilang pagkakataon, hindi lang kinalyo ang mga kamay ng mga boluntaryong magsasaka sa lungsod kundi bigo rin ang kanilang puso't isipan.

Halimbawa, lagi kong magugunita ang panahong tinipon namin ang mga tinedyer na Aaronic Priesthood para talagang linisin ang manukan noong tagsibol. Nagtipon sa proyekto ang sabik at masiglang grupo at mabilis na binunot, tinipon, at sinunog ang mga damong ligaw at kalat. Sa liwanag ng nagbabagang siga kumain kami ng mga hotdog at binati namin ang aming sarili sa magandang trabaho. Malinis at maayos na ang lugar. Gayunman, may isang problema lang na nakasira. Nabulabog ng ingay at apoy ang maseselan at nerbiyosong 5,000 paitluging manok kaya karamihan dito ay biglang napanot at huminto sa pangingitlog. Mula noon hinayaan na naming tumubo ang kaunting damong ligaw para dumami ang itlog.

Walang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na nagde-lata ng mga gisantes, nagtalbos ng beets, naghakot ng dayami, nagpala ng uling o tumulong sa anumang paraan para maglingkod sa iba ang nakakalimot o nagsisisi sa karanasang tumulong na maglaan sa mga nangangailangan. Tumutulong ang matatapat na lalaki at babae na mapatakbo ang malawak at inspiradong programang pangkawanggawang ito. Ang totoo, hinding-hindi magtatagumpay ang planong ito sa pagsisikap lamang, dahil ang programang ito ay tumatakbo sa pamamagitan ng pananalig sa pamamaraan ng Panginoon.

## UDYOK NG PANANAMPALATAYA

Hindi na bago sa ating henerasyon ang pagbabahagi sa iba ng anumang mayroon tayo. Kailangan lang nating

basahin ang kuwento sa I Mga Hari sa Banal na Biblia para muling pasalamatan ang alituntunin na kapag sinusunod natin ang payo ng Panginoon, kapag inalagaan natin ang mga nangangailangan, lahat ay nakikinabang. Doo'y mababasa natin na sinaklot ng napakatinding tagtuyot ang lupain. Sumunod ang taggutom. Ang propetang si Elias ay tumanggap mula sa Panginoon ng para sa kanya ay isang kamangha-manghang tagubilin: "Paroon ka sa Sarepta . . . : narito, aking inutusan ang isang baong babae roon na pakanin ka." Nang matagpuan niya ang balo, sinabi ni Elias:

"Isinasamo ko sa iyo na dalhan mo ako ng kaunting tubig sa inuman, upang aking mainom.

"At nang siya'y yumayaon upang kumuha, tinawag niya siya, at sinabi, Dalhan mo ako, isinasamo ko sa iyo, ng isang subong tinapay sa iyong kamay."

Malinaw sa kanyang tugon ang kaawa-awa niyang sitwasyon nang ipaliwanag niyang inihahanda niya ang huli at kaunting pagkain para sa kanila ng kanyang anak, bago sila mamatay.

Napakaimposible siguro sa kanya ng tugon ni Elias:

"Huwag kang matakot; yumaon ka at gawin mo ang iyong sinabi, nguni't igawa mo muna ako ng munting tinapay, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak.

"Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoon sa ibabaw ng lupa.

"At siya'y yumaon, at ginawa ang ayon sa sabi ni Elias: at kumain ang babae, at siya, at ang kaniyang sangbahayan na maraming araw.

"Ang gusi ng harina ay hindi nakulangan, o ang banga ng langis man ay nabawasan" (I Mga Hari 17:9–11, 13–16).

Ito ang pananampalatayang nag-uudyok at nagbibigay-inspirasyon sa planong pangkawanggawa ng Panginoon.

## ANG TUNAY NA AYUNO

Kapag nag-ayuno tayo nang isang araw sa bawat buwan at nagbigay ng malaking handog-ayuno na singhalaga man lang ng mga pagkaing hindi kinain, nawa'y maalala natin ang mga salita ni Isaias nang ipaliwanag niya ang tunay na ayuno:

"Hindi baga ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapuwa-tao?

"Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw; at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong [gantimpala].

"Kung magkagayo'y tatawag ka at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya'y magsasabi, Narito ako. . . .

"At papatnubayan ka ng Panginoon na palagi, at sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako, . . . at ikaw ay magiging parang halamang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang tubig ay hindi naglilikat" (Isaias 58:7–9, 11).

Mga sagradong handog-ayuno natin ang ginagamit para mapatakbo ang mga kamalig, maibigay ang perang kailangan ng mga maralita, at magamot ang mga maysakit na walang pera.

Siyempre pa, sa maraming lugar ay kinokolekta ng mga kabataaan sa Aaronic Priesthood ang mga handog-ayuno buwan-buwan, na karaniwan ay maaga pa sa araw ng Sabbath. Naaalala ko na nagkita-kita ang mga batang lalaki sa kongregasyong pinamumunuan ko isang umaga, antok pa ang mga mata, medyo magulo ang buhok, at nagrereklamo nang kaunti tungkol sa paggising nang napakaaga para isagawa ang atas sa kanila. Walang nanumbat, ngunit nang sumunod na linggo, sinamahan namin ang mga batang lalaki sa Welfare Square para ilibot. Nakita nila mismo ang isang pilay na nagpapatakbo ng switchboard ng telepono, isang mas matandang lalaking nagsasalansan ng mga istante, mga babaeng nag-aayos ng mga damit na ipamamahagi—maging isang bulag na naglalagay ng tatak sa mga lata. Narito ang mga taong kumikita ng ikabubuhay sa pamamagitan ng ambag na trabaho. Natahimik ang mga batang lalaki nang masaksihan nila kung paano nakatulong ang kanilang mga pagsisikap na mangolekta ng sagradong mga handog-ayunong nakatulong sa mga nangangailangan at nakapaglaan ng trabaho sa mga sana ay walang ginagawa.

Mula noong banal na araw na iyon, hindi na sila kinailangang pilitin. Sa mga umaga ng Linggo ng ayuno naroon sila nang alas-7:00, suot ang kanilang damit pangsimba, sabik na magawa ang kanilang tungkulin bilang mga maytaglay ng Aaronic Priesthood. Hindi na

sila basta lang namamahagi at nangongolekta ng mga sobre. Tumutulong silang maglaan ng pagkain sa gutom at kanlungan sa walang tirahan—lahat ayon sa pamamaraan ng Panginoon. Mas madalas na silang ngumiti, mas masigla na silang lumakad. Marahil mas nauunawaan na nila ngayon ang klasikong siping, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40).

## ISANG HIMALA NG PAG-IBIG

Maitatanong ng isang tao, tungkol sa mga tumutulong sa programang pangkawanggawa, Ano ang nag-uudyok ng gayong debosyon sa bawat manggagawa? Simple lang ang sagot dito: Ang patotoo ng isang tao sa ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo, maging ang taos na hangaring mahalin ang Panginoon nang buong puso, isipan, at kaluluwa, at mahalin ang kapwa tulad sa sarili.

Ito ang nag-udyok sa isang personal na kaibigan, na pumanaw na, na may negosyo sa pagkain, na tawagan ako noong mga panahong bishop ako at sabihing, "Magpapadala ako sa kamalig ng isang maliit na trak at trailer na puno ng mga kahel para sa mga taong salat. Ipaalam mo sa namamahala sa kamalig na darating ang trak, at libre ito; pero, Bishop, walang dapat makaalam kung sino ang nagpadala." Bihira akong makakita ng galak at pasasalamat sa napakalaking tulong na ito. Hindi ko kailanman pinagdudahan ang walang hanggang gantimpalang pinuntahan ng mapagpalang taong ito na walang pangalan.

Hindi bibihira ang gayong bukas-palad na kabutihan bagkus ay madalas itong matagpuan. Sa ilalim ng madalas lakbaying daang nakapaligid sa Salt Lake City ay ang tahanan ng isang matandang binatang nagngangalang Louis, na, dahil sa isang nakalulumpong sakit, ay hindi nakaranas ng araw na walang sakit o maraming araw na walang kalungkutan. Nang dalawin ko siya isang araw ng taglamig, matagal bago niya binuksan ang pintuan. Pumasok ako sa kanyang maayos na tahanan; ang temperatura, maliban sa kusina, ay maginaw na 40 degrees. Ang dahilan: walang sapat na pera para painitin ang iba pang silid. Kailangang i-wallpaper ang mga dingding, ibaba ang mga kisame, punuin ang paminggalan.

Nabagabag ako sa karanasang bisitahin ang aking kaibigan. Isang bishop ang kinausap ko, at isang himala ng pag-ibig, na hinimok ng patotoo, ang nangyari. Inorganisa ang mga kasapi ng ward, nagsimula ang gawain ng pag-ibig. Makalipas ang isang buwan, tumawag ang kaibigan kong si Louis at nagtanong kung makakapunta ako para tingnan ang nangyari sa kanya. Nagpunta ako at isang himala nga ang nakita ko. Ang mga bangketa, na sinira ng mga ugat ng malalaking puno, ay napalitan, nagawang muli ang balkon ng bahay, isang bagong pintuang may kumikintab na hawakan ang ikinabit, ibinaba ang mga kisame, nilagyan ng wallpaper ang mga dingding, napintahan ang mga gawa sa kahoy, napalitan ang bubong, at napuno ang mga paminggalan. Hindi na maginaw at kahali-halina na ang bahay. Mukhang nagbubulong na ito ng mainit na paanyaya.

Huling ipinakita sa akin ni Lou ang kanyang ipinagmamalaki at galak: naroon sa kama niya ang isang magandang kobrekamang may dibuho ng angkan ng kanyang pamilyang McDonald. Ginawa ito nang may pagmamahal ng mga kababaihan ng Relief Society. Bago umalis, natuklasan ko na linggu-linggo ay dinadalhan siya ng mainit na hapunan ng mga young adult at nagdaraos sila ng home evening. Nahalinhan ng init ang lamig. Nabago ng mga pagkumpuni ang sinira ng mga taong lumipas. Ngunit ang mas mahalaga, pinaglaho ng pag-asa ang kalungkutan, at tagumpay na nanaig ang pag-ibig.

Lahat ng lumahok sa nakaaantig na dramang ito sa tunay na buhay ay nakatuklas ng bago at personal na pagpapahalaga sa turo ng Panginoon, "Lalo pang mapalad ang magbigay kay sa tumanggap" (Mga Gawa 20:35).

Sa lahat ng nakikinig sa akin ipinahahayag ko na ang planong pangkawanggawa ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay inspirado ng Diyos na Maykapal. Tunay ngang ang Panginoong Jesucristo ang arkitekto nito. Kinakawayan Niya kayo at ako, "Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya" (Apocalipsis 3:20).

Nawa'y marinig natin ang Kanyang tinig, buksan natin ang ating puso sa Kanya, at lagi natin Siyang makasama sa pagsisikap nating paglingkuran ang Kanyang mga anak, ang mapakumbaba kong dalangin, sa Kanyang banal na pangalan, maging si Jesucristo na ating Panginoon, amen.









ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02082 88893 2
08288 893